Pangalan: ____________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Ang Sanhi at Bunga ng Pangyayari**

**PANUTO:** Basahin at unawain ang tekstong nasa kahon. Pagkatapos ay sagutan ang pagsasanay na nasa ibaba.

**Ang Madaldal na Pagong**

Isang umagang maganda ang panahon ay nagkita-kita sa tabing-sapa ang magkakaibigan. Sila ay si Pagong Daldal, si Abuhing Gansa, at si Puting Gansa. Nagkuwentuhan sila at hindi nagtagal ay nagpaalam ang magkapatid na gansa.

“Isama naman ninyo ako sa inyong tirahan sa kabilang ilog,” pakiusap ni Pagong Daldal.

“E, paano ka namin maisasama ay wala ka namang pakpak at hindi ka makalilipad?” wika ni Abuhing Gansa.

“Oo nga ano,” wika ni Pagong Daldal na halatang labis na nalungkot sa narinig.

“Teka, may naisip ako,” wika ni Puting Gansa. “Maisasama ka namin kung susunod ka sa aking sasabihin.”

“Salamat. Ipinangangako kong susunod ako sa ipag-uutos ninyo,” wika ni Pagong Daldal.

“Kagatin mo itong patpat sa gitna. Kakagatin naman namin ni Abuhing Gansa ang magkabilang dulo at saka tayo lilipad. Ngunit kailangan mong tandaan ang isang bagay habang tayo ay lumilipad. Huwag na huwag kang magsasalita dahil kung hindi ay mahuhulog ka at lalagpak sa lupa.”

“O, hala. Tayo na. Kagatin mo na ang patpat, kaibigang Pagong,” wika ni Puting Gansa.

“Tandaan mo, huwag kang magsasalita. Wala kang pakpak at kapag nakabitaw ka, tiyak na lalagpak ka sa lupa.”

“Hindi ako magsasalita,” pangakong muli ni Pagong Daldal.

Kinagat ni Abuhing Gansa ang isang dulo ng patpat at ang kabilang dulo ay kinagat naman ni Puting Gansa, at sila ay lumipad na.

Tuwang-tuwa si Pagong Daldal nang nasa ibabaw na sila ng mga punongkahoy. Waring nakaakyat sa langit ang pakiramdam ni Pagong Daldal.

Nakita ng mga batang nagsisipaglaro sa parang ang lumilipad na pagong. Naghiyawan sila sa tuwa at itinuro nila ang pagong na kagat-kagat ang patpat!

“Tingnan ninyo si Pagong Daldal! Lumilipad! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha!”

Nagalit si Pagong Daldal. “Mga batang....”

Hindi natapos ang iba pang sasabihin ni Pagong Daldal. Tuloy-tuloy siyang bumagsak sa lupa.

“Kaawa-awang Pagong!” nawika na lamang ni Puting Gansa at ni Abuhing Gansa.

Mula sa https://pinoycollection.com/ang-madaldal-na-pagong

Isulat ang mga pangyayari sa pabulang iyong binasa na nagpapakita ng sanhi at bunga.

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |